# Ano ang ipinag-aalala mo o Abu Bakar sa dalawa kung si Allah ang ikatlo nila

Ayon kay Abe Bakar Assiddiq, malugod si Allah sa kanya-siya ay nagsabi: Tumingin ako sa ga paa ng mga Mushrikin [Mga taong sumasamba sa Diyus-diyosan] habang kami ay nasa loob ng Yungib,at sila ay nasa tapat ng ulo namin,Kung ang isa sa kanila ay tumingin sa paa niya,tunay na nakita na niya kami. nagsabi siya: (( Ano ang ipinag-aalala mo o Abu Bakar sa dalawa kung si Allah ang ikatlo nila))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang kuwentong ito ay naganap sa panahon na naglikas ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- mula sa Meccah patungo sa Madinah,At ang dahilan;[Sa panahon na] ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagpahayag ng pag-aanyaya [sa Islam],at inanyayahan niya ang mga tao [na yumakap sa Islam] at sumunod sila sa kanya,Tinakot siya ng mga Mushrikin [ Mga taong sumasamba sa Diyos-diyusan],At gumawa sila [ng mga paraan] laban sa pag-aanyaya niya,pinahirapan siya at sinaktan siya,sa pamamagitan ng mga salita at gawa.Kaya`t ipinahintulot ni Allah sa kanya ang paglikas mula sa Meccah patungo sa Madinah,at wala siyang naging kasama maliban kay Abu Bakar-kalugdan siya ni Allah-at ang tagapag-turo,na siyang nagtuturo ng daan,at ang isang katulong.Naglikas siya sa kautusan ni Allah,at sinamahan siya ni Abu Bakar-kalugdan siya ni Allah-At nang marinig ng mga Mushrikun [ Mga taong sumasamba sa Diyos-diyusan],ang paglabas niya mula sa Meccah,Nagbigay paalam sila [sa mga tao],na sa sinumang makapagturo sa kanya nang Dalawan-daang Kamelyo,at sa sinumang makapagturo kay Abe Bakar,nang Isan-daang kamelyo.Hanggang sa ang mga tao ay naghanap sa dalawang lalaking ito sa kabundukan,sa mga Lambak at sa mga yungib at sa lahat ng lugar,Hanggang sa tumayo sila sa isang yungib kung saan ay nasa loob nito ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at si Abu Bakar.At ito ang Yungib ng Thawr,kung saan ay nakapagtago silang dalawa rito ng tatlong gabi,hanggang sa nabawasan ang naghahanap [sa kanila].Nagsabi si Aba Bakar-kalugdan siya ni Allah-Kung tumingin lang ang isa sa kanila sa paa niya,tunay na nakita na niya kami,sapagkat tayo ay nasa loob ng yungib sa ibaba nito,Nagsabi siya: Ano ang ipinag-aalala mo sa dalawa kung si Allah ang ikatlo nila"at sa Aklat ni Allah,tunay na nagsabi siya: "Huwag kang malumbay,katotohanang si Allah ay kasama natin" [Attawbah:49];Ibig sabihin:nagsabi siya na ang dalawang bagay ay silang dalawa,ibig sabihin nagsabi siya:"Ano ang pinag-aalala mo sa dalawa kung si Allah " at nagsabi siya: "Huwag kang malubay,katotohanang si Allah ay kasama natin", Ang pagkasabi niyang: "Ano ang pinag-aalala mo sa dalawa kung si Allah " ibig sabihin: Mayroon bang isa sa sinuan ang may kakayahan na saktan silang dalawa o maliban pa sa kanila? Ang sagot : Wala sa sinuan ang may kakayanan;Sapagkat walang makakahadlang sa anumang ipinagkaloob ni

Allah,at walang makapag-kakaloob sa anumang hinadlangan ni Allah,at walang makapagbaba sa sinumang gawaran ni Allah ng Karangalan,at walang magagawaran ng Karangalan sa sinumang ibababa ni Allah,": {Ipagbadya [O Muhammad]: O Allah ! Ang Nag-aangkin ng Kaharian,Kayo ang nagkakaloob ng kaharian sa sinumang Inyong maibigan,at Kayo ang bumabawi sa kaharian sa sinumang Inyong maibigan,at Kayo ang naggagawad ng Karangalan sa sinumang Inyong maibigan,At Kayo ang magpapababa sa sinumang Inyong maibigan.Nasa Inyong Kamay ang kabutihan,Katotohanan Kayo ay makagagawa ng lahat ng bagay}[Ali-`Imran:26]

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3447

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee